LUNGSOD NG IMUS
2012
LALAWIGAN NG CAVITE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE CITY GOVERNMENT OF IMUS




JANUARY TO JUNE
2024
ISSUE

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


## INFRASTRUCTURE

**03**
- Bagong welcome arches sa Imus, itinayo
- Buhay na Tubig – Tanzang Luma Bridge and Bypass Road, bukas na.

**04**
- Bagong pabahay sa Imus, sinimulan na.
- Bagong playground slides, handog nina Mayor AA, Cong. AJ sa 3 child development centers sa Imus.

**05**
- Pinakamalaking super health center sa Cavite, pinasinayaan sa Imus.
- MUNTING PARAISO SA IMUS: Pagbubukas ng kauna-unahang parke para sa mga Imuseño sa lahat ng edad.

**06**
- 48 units ng LED streetlights, bunga ng 2022 SGLG incentive fund ng Imus LGU.
- LED Traffic Signal Poles, Directional Signages, makikita na sa Imus.

## EDUCATION

**07**
- BOOKLAT: A Book Translation Workshop sa 65th Public Library Day.
- Legally Crafted CaviteKnows: Empowering Youth through Lawmaking and Project Creation, ginanap sa Imus.
- ICT Equipment para sa Tech4Ed Center, tinanggap ng Imus mula sa DICT.
- 30 TESDA scholars, binati ni Cong. AJ sa kanilang pagtatapos.
- City College of Imus, idinaos ang unang graduation ceremony ngayong taon.

## SOCIAL SERVICE

**08**
**09**
- 500 Imuseñong Muslim nakatanggap ng grocery package at bigas mula kay Cong. AJ at Imus LGU.
- AAngat Insurance Cards: Personal na handog nina Mayor AA at Cong. AJ sa 5,000 lingkod bayan ng Imus.
- SGulong ng Pag-asa: Cong. AJ, namahagi ng wheelchair sa mga Imuseño.
- AKAP: 850 Imuseño nakatanggap ng P3,000 halaga ng pinansyal na tulong.
- Handog na P100,000.00 ni Mayor AA sa Imuseñong Centenarian.
- Mayor AA naghandog ng cash incentives sa mga kinatawan ng Imus sa RSPC.
- 550 bag ng binhi ng palay, ipinamahagi.
- Libreng Full Tank para kay Manong Toda, umarangkada.
- Pamamahagi ng tulong sa mga nasunugang Imuseño.
- 1,649 Imuseño nabigyan ng pansamantalang trabaho.
- 1,649 TUPAD Workers, natanggap na ang kanilang sahod.
- Turnover ceremony ng 15 GK Village unit, dinaluhan ni Mayor AA.

## GOVERNANCE

**10**
- Imus, muling pumasa sa 2023 Good Financial Housekeeping.
- Imus City Public Library, muling ginawaran ng 2023 Most Diligent Public Library in the Philippines.
- Imus LGU, isa sa top performing LGUs sa RCEF – Seed Program ng PhilRice.
- Imus Youth Affairs Office, Most Distinguished LYDO sa 4th Young SDG Champion Awards.
- Imus, pinarangalan ng Seal of Child-friendly Local Governance.

## HEALTH

**11**
- Kauna-unahang Regional Buntis Summit ng DOH–CHD Calabarzon, idinaos sa Imus.
- Imus nakiisa sa International AIDS Candlelight Memorial Day.
- Chikiting Ligtas 2024: Malawakang pagbabakuna kontra polio.
- 1,260 binatilyo, sumailalim sa libreng Operation Tuli 2024.
- How's Your Kid? Mental Health Talk para sa mga magulang, idinaos ng Imus CHO.

## ENVIRONMENT

**12**
- 16 Imuseño nagtapos sa Farmers' Field School on Urban Gardening.
- Imus LGU, Maynilad, DENR-EMB, magtutulungan para sa kalinisan ng mga Ilog Julian at Imus.
- 2 Eco Cabs, 50 Eco-carts handog nina Mayor AA at Cong. AJ sa barangay eco-aides ngayong Earth Day 2024.
- Imus LGU, mga ahensya ng gobyerno, pribadong sektor nagkaisa sa paglilinis ng Imus River sa World Water Day.
- KALOG Cleanup Drive isinagawa bago ang tag-ulan.

## TOURISM & HERITAGE

**13**
**14**
- Imus LGU nakiisa sa pagdiriwang ng Kalayaan 2024.
- Explore and Love Imus: Kauna-unahang Pupugayo Festival.
- Ika-79 Anibersaryo ng Liberasyon ng Imus mula sa mga Hapones, inalala.
- Mayor AA, Cong. AJ nakisaya sa Kapistahan ni San Juan Bautista.

## SPORTS

**15**
- Imus AJAA Sluggers, kauna-unahang kampeon sa 1st AJAA Invitational Softball Tournament.
- Aksyon Atleta Program: Sapatos at cash allowance sa mga kabataang atleta.
- Malagasang defending champion sa 2024 Inter-barangay 2nd AJAA Cup Softball Tournament.

## YOUTH

**15**
- Empleya-GO! Productive Employment and Decent Work for Youth hatid ng Imus LGU.



IMUS, MAHAL KONG BAYAN
BANAAG
OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE CITY GOVERNMENT OF IMUS




## EDITORIAL BOARD

EDITOR-IN-CHIEF Ervin Ace H. Navarette
MANAGING EDITOR Nikki Elline C. Barco
HEAD WRITER Francesca Mandac
ART DIRECTORS Elai Lardizabal, Ron Diaz
PHOTO CREDITS City Information Office


AANGAT ANG IMUS

## BAGONG WELCOME ARCHES SA IMUS, PINASINAYAAN NA

Simula Marso, makikita na ang mga bagong itinayong welcome arches sa mga hangganan ng Lungsod ng Imus at mga karatig na lungsod at bayan nito. Ang mga arko, na layuning batiin ang mga dumaraang motorista, ay matatagpuan sa mga boundary ng Imus sa Bacoor, General Trias, Dasmariñas, at bayan ng Kawit, Cavite.







## BUHAY NA TUBIG - TANZANG LUMA BRIDGE AT BYPASS ROAD, OPISYAL NANG BUKAS

Noong Hunyo 23, 2024, opisyal nang binuksan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, ang bagong 38-metrong tulay at 450-metrong kalsada na magdudugtong sa Buhay na Tubig at Tanzang Luma.

Sa kanyang talumpati, ibinahagi ni Mayor AA ang kanyang personal na karanasan bilang dating residente ng Tanzang Luma. Aniya, naranasan niyang tumawid sa dating "tulay bitin" noong kanyang kabataan, isang karanasang naging inspirasyon sa pagsasakatuparan ng proyektong ito.

“Limang taong gulang pa lang, napilitan akong tumawid sa tulay na ito. Takot na takot ako noon, at bagama’t umunlad na ang ating lugar, nanatiling 'tulay bitin' ito," pagbabalik-tanaw ni Mayor AA.

Sa tulong ng pamilya Jaro at ng lokal na pamahalaan, naisakatuparan ang konkretong tulay na ito, kasama ang isang bagong kalsadang magpapabilis ng biyahe sa mga residente ng Buhay na Tubig at Tanzang Luma.

"Ito po ang 38-metrong tulay at 450-metrong kalsadang magdudugtong sa Buhay na Tubig at Tanzang Luma. Gusto ko rin pong pasalamatan ang pamilya Jaro na nagbigay ng malaking kontribusyon para sa proyektong ito," dagdag ng alkalde.

Kasabay ng inagurasyon ng tulay ay ang pormal na pagpapailaw ng mga streetlight sa kahabaan ng bagong bypass road, sa tulong ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula.

Ang proyektong ito ay inaasahang magbibigay ng mas ligtas at mas mabilis na daan para sa mga motorista at residente ng Buhay na Tubig at Tanzang Luma.




Isang groundbreaking ceremony ang isinagawa nitong Mayo 2024 para sa itatayong mid-rise condominium housing project malapit sa New Imus City Government Center. Pinangunahan ito nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, kasama ang iba pang mga opisyal tulad nina Department of Human Settlements and Urban Development Secretary Jose Rizalino Acuzar, Megawide Construction Corporation CEO at PH1 World Developers Chairman at CEO Edgar Saavedra, at PH1WD President Gigi Alcantara.

Ayon kay Mayor AA, ang pagsisimula ng proyektong ito ay katuparan ng pangarap ng kaniyang administrasyon at ng mga Imuseño na magkaroon ng disenteng tirahan.
"Ito na po ang katuparan ng ating pinapangarap para sa ating mga kababayang nasa laylayan—ang magkaroon ng marangal, maayos, at ligtas na pamayanan. Dito mismo sa site na ito, magsisimula ang pagbuo ng kanilang mga pangarap kasama ang kanilang pamilya," ani Mayor AA.

Sa ilalim ng programang Pambansang Pabahay Para sa Pilipino Housing (4PH) ng pamahalaan, tinatayang nasa 600 pamilya ang mabibigyan ng bagong tahanan sa 1.3 ektaryang lupain na pagtatayuan ng proyektong ito.




Inihatid nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang mga bagong playground slides sa tatlong child development centers sa Imus, kabilang ang Patio Tirona sa Brgy. Malagasang II-D, Little Fingers sa Brgy. Malagasang II-A, at Woodlane sa Brgy. Malagasang I-B noong Biyernes, Pebrero 2, 2024.

Bilang karagdagang suporta sa pagaaral ng mga bata, ipinagkaloob din ng lokal na pamahalaan, sa pamamagitan ng Local Council for the Protection of Children (LCPC), ang mga bagong TV at iba't ibang laruan.

Bukod dito, naghandog din ang McDonald's Philippines ng happy meal toys.

# PINAKAMALAKING SUPER HEALTH CENTER SA CAVITE, PINASINAYAAN SA IMUS




Pormal nang binuksan ang kauna-unahang Imus Super Health Center na matatagpuan sa Legian II, Brgy. Carsadang Bago I, noong Enero 19, 2024 sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, sa tulong ng tanggapan ni Senador Christopher Lawrence "Bong" Go at ni Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula.

Kasama rin sa naturang seremonya sina Department of Health (DOH) Secretary Dr. Teodoro Hermosa, DOH Regional Director Dr. Ariel Valencia, City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Konsehal Enzo Asistio, na tagapangulo ng Komite sa Kalusugan, at iba pang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod. Dumalo rin ang City Health Officer na si Dr. Ferdinand Mina at si Dr. Cherrie Boque ng Imus Super Health Center.

Ang Imus Super Health Center ay nag-aalok ng iba't ibang serbisyo tulad ng x-ray, laboratory, Tuberculosis - Directly Observed Therapy Short-course (TB-DOTS), at iba pa.

Kabilang din sa mga pasilidad nito ang treatment area, animal bite clinic, dental clinic, Reproductive Health and Wellness Center, Key Assistance for Developing Adolescents (KADA) Center, at pharmacy.

Mayroon din itong mga opisina para sa National Immunization Program at Family Planning, Emergency Operations Center, Disaster Risk Reduction and Management in Health, Health Education and Promotion Office (HEPO), pati na rin mga doctor's offices, staff quarters, conference room, at audio-visual room.

Dahil sa lawak at dami ng serbisyong hatid nito, ang Imus Super Health Center ay maituturing na pinakamalaking super health




## JUAN MUNTI PARK: KAUNA-UNAHANG PARKE PARA SA LAHAT NG IMUSEÑO, BINUKSAN NA

Opisyal na binuksan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang kauna-unahang parke para sa lahat ng mga Imuseño, higit sa mga senior citizen, sa pagbabasbas ng Juan Munti Park: Munting Paraiso nitong Mayo 20, 2024, na matatagpuan sa Tahimik St., Brgy. Toclong I-A.

Tampok sa 2,260 squared-meter na parke ang exercising area para sa 20 senior citizens, palaruan ng mga bata kabilang na ang slides, see-saw, spring riders, at swings, picnic area para sa 30 katao, activity area para sa mga alagang hayop, palikuran, at apat na parking spaces.

Pinangunahan ni City Mayor Alex “AA" L. Advincula ang pagpapasinaya sa parke na isa sa kaniyang mga imprastrakturang inisyatiba, habang buong suporta ang ibinigay rito ni Congressman Adrian Jay “AJ" C. Advincula.

Bahagi rin ng inagurasyon ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus sa pangunguna ni City Vice Mayor Homer “Saki" T. Saquilayan.

Ang Juan Munti Park ay ipinangalan kay Juan “Munti" Villanueva, isang rebolusyonaryong Imuseño na nakipaglaban sa Himagsikang Pilipino noong 1897 at pumanaw sa edad na 11.

Bukas ang Juan Munti Park araw-araw mula ikaanim ng umaga hanggang ikasiyam ng gabi.




# LIWANAG PARA SA IMUS: 48 LED STREETLIGHTS INILUNSAD BUNGA NG 2022 SGLG INCENTIVE FUND NG IMUS LGU

Pinasinayaan nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Department of the Interior and Local Government (DILG) Regional Director Ariel O. Iglesia, at DILG Provincial Director Engr. Danilo A. Nobleza ang pagpapailaw ng 48 units ng LED streetlights noong Pebrero 28, 2024, sa pagitan ng Ospital ng Imus (ONI) at Imus Police Station, Brgy. Malagasang I-G.

Ang proyektong ito ay bunga ng 2022 Seal of Good Local Governance (SGLG) Incentive Fund na natanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus.

Kasama rin sa seremonya ang isang ceremonial signing na pinangunahan nina Mayor AA at Engr. Iglesia, bilang bahagi ng pagpapasinaya sa naturang proyekto.




# IMUS NAGPAKILALA NG MGA BAGONG LED TRAFFIC SIGNAL POLES AT DIRECTIONAL SIGNAGES

Kung ikaw ay dumaan sa kahabaan ng Gen. Emilio Aguinaldo Highway, marahil ay napansin mo na ang mga bagong LED traffic signal poles at directional signages. Ang mga ito ay inisyatiba nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula na naglalayong magbigay ng mas maginhawa at ligtas ang paglalakbay ng mga residente at bisita ng Imus.

Matatagpuan ang mga LED traffic signal poles—na isa sa mga kauna-unahang inisyatiba sa bansa—sa mga intersection malapit sa Medical Center Imus, Lumina Point Mall, The District Imus, at 7-Eleven Pag-asa.

Kasama naman sa mga proyektong ito ang directional signages na bahagi ng mga Congkretong Proyekto ni Cong. AJ.



# BOOKLAT

ISANG WORKSHOP SA PAGSASALIN NG LIBRO PARA SA
## 65TH PUBLIC LIBRARY DAY

Idinaos ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ng Imus City Public Library, ang "BOOKLAT: A Book Translation Workshop" noong Marso 8, 2024. Ang workshop ay ginanap sa Function Hall ng New Imus City Government Center bilang paggunita sa "65th Public Library Day."

Ang Public Library Day ay ipinagdiriwang tuwing Marso 9, alinsunod sa Proclamation No. 563 noong 1959, na naglalayong itaas ang kamalayan ng publiko sa mga benepisyo ng mga pampublikong aklatan sa lipunan.



## LEGALLY CRAFTED CAVITEKNOWS EMPOWERING YOUTH THROUGH LAWMAKING & PROJECT CREATION, GINANAP SA IMUS

Pinaunlakan ni Atty. Chel Diokno ang imbitasyon ng Cavite Sangguniang Kabataan (SK) Federation sa programang "Legally Crafted CaviteKnows: Empowering Youth through Lawmaking and Project Creation" noong Marso 2, 2024, na ginanap sa Function Hall ng New Imus City Government Center.

Sa nasabing programa, natutunan nina Cavite SK President Chelsea Sarno, Imus SK President Glian Ilagan, kasama ang mga Imus SK officers at chairpersons, pati na rin ang iba't ibang SK chairpersons mula sa buong Cavite, ang mga batas na may kaugnayan sa kanilang tungkulin at ang mga proyektong naglalayong itaas ang kapakanan ng mga kabataang Caviteño.

## TECH4ED CENTER SA IMUS, PINALAKAS NG ICT EQUIPMENT MULA SA DICT

Opisyal na tinanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang iba't ibang Information and Communications Technology (ICT) equipment mula sa Department of Information and Communications Technology (DICT) noong Enero 22, 2024, upang higit pang mapalakas ang Tech4Ed Digital Transformation Center na matatagpuan sa Imus City Public Library.

Nakatanggap ang Lungsod ng 10 unit ng computers, kasama ang mga desktop accessories tulad ng headset, mini speaker, Wi-Fi adapter, at webcam. Kasama rin sa mga natanggap ng LGU ang projector, CCTV camera package, printer, at barcode scanner.






## PAGSASANAY AT PAGTATAPOS NG NG 30 TESDA SCHOLARS, BINIGYANG-PUGAY NI CONG. AJ

Binigyang-pagbati ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang 30 Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) scholars na nagtapos ng Housekeeping NC II vocational course noong Pebrero 2, 2024, na ginanap sa Function Hall ng New Imus City Government Center.

Ang mga naturang scholars ay sumailalim sa 55 araw na pagsasanay, kung saan sila ay nakatanggap ng pinansyal na tulong para sa kanilang allowance at national assessment fees.

## CITY COLLEGE OF IMUS, IDINAOS ANG UNANG GRADUATION CEREMONY NGAYONG TAON

Nagsipagtapos na ang 362 mag-aaral mula sa 22 vocational programs ng City College of Imus (CCI) noong Abril 5, 2024, na ginanap sa City of Imus Sports Complex.

Sa kabuuang 362 na nagtapos, 62 ang nakatanggap ng mga pagkilala. Pinangunahan ito ni Madel A. Lim, na sinundan nina Beverly T. Atienza at Ahron Dave D. Paparon.



## 500 IMUSEÑONG MUSLIM NAKATANGGAP NG GROCERY PACKAGE AT BIGAS

MULA KAY CONG. AJ AT IMUS LGU

Sa pakikipagtulungan ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula at ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, nakatanggap ng grocery packages at bigas ang humigit-kumulang na 500 Imuseñong Muslim mula sa mga barangay ng Bayan Luma II at Tanzang Luma I noong Abril 8, 2024.

Bahagi ito ng pakikiisa ng kaniyang tanggapan at ng Pamahalaang Lungsod sa banal na pagdiriwang ng Ramadan.



## AANGAT INSURANCE CARDS:

PERSONAL NA HANDOG NINA

## MAYOR AA AT CONG AJ

SA 5,000 LINGKOD BAYAN NG IMUS



Upang masigurong protektado ang buhay at kalusugan ng mga lingkod bayan ng Imus, inilunsad nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang AAngat Insurance Cards noong Pebrero 14, 2024, na ginanap sa Function Hall ng New Imus City Government Center.

Nabigyan ng nasabing insurance cards ang ilan sa mga serbisyo publiko, kabilang ang mga punong barangay, kagawad, treasurer, secretary, barangay health worker, barangay nutrition scholar, tanod, at eco-aide.

Sa kaniyang talumpati, ibinahagi ni Mayor AA ang dahilan kung bakit mula sa sahod nila ni Cong. AJ, at hindi mula sa pondo ng pamahalaan, ang ginamit upang mabigyan ng life insurance ang mga frontliner ng lokal na pamahalaan.

"Kailangan insured lahat ng mga frontliner natin dahil kayo ang naglilingkod, kayo ang nagtatrabaho sa lokal... Sabi ko, 'Sige, lahat ng suweldo ko ilagay diyan.' Gusto ko insured lahat ng mga lider ng ating lungsod," ani Mayor AA.

Ayon kay Wilson Tseng, Chief Business Officer ng Igloo Broker Philippines, eksklusibo sa lokal na pamahalaan ng Imus ang naturang insurance.

Katuwang sa AAngat Insurance Cards ang Igloo Brokers Philippines at Standard Insurance.

Nakatakdang makatanggap ng insurance ang humigit-kumulang 5,000 lingkod bayan.

## GULONG NG PAG-ASA: BAGONG WHEELCHAIR IPINAGKALOOB NI CONG AJ ADVINCULA

Sa panunulat ni Klaeford Crispin

Muling naghatid ng pag-asa si Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula sa mga Imuseñong may kapansanan at senior citizens sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga bagong wheelchair noong Abril 19, 2024.

Personal na binisita ni Cong. AJ ang limang benepisyaryo at naghandog ng grocery packages, bigas, at tulong pinansyal na maaari nilang magamit sa kanilang araw-araw na pangangailangan.





ALAGANG ADVINCULA

## 1,649 IMUSEÑO NABIGYAN NG PANSAMANTALANG TRABAHO

Sa pamamagitan ng programang Tulong Panghar
Workers (TUPAD) ng Department of Labor an
tanggapan ni Senador Bong Revilla, nabigyan n
Imuseñong pumirma ng kanilang kontrata at naka
2024.

Ang TUPAD ay isang community-based ameliora
pansamantalang trabaho sa mga displaced, undere

## SUPORTA SA MGA MAGSASAKA: IPINAMAHAGI NI MAYOR AA ANG MGA BINHI NG PALAY

Nanguna si City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa pamamahagi ng 550 bags ng binhi ng palay sa 124 na magsasakang Imuseño noong Mayo 30, 2024. Ito ay ginanap sa City Ecological Village, Brgy. Malagasang I-G.



HANDOG NA P100,0
ni MAYOR
sa Imuseñong cent

## AKAP
Ayuda Para sa Kapos Ang Kita Program

## 850 IMUSEÑO NAKATANGGAP NG P3,000 HALAGA NG PINANSYAL NA TULONG

Pinangunahan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang paglunsad ng "Ayuda para sa Kapos ang Kita Program" (AKAP) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa Imus noong Mayo 18, 2024, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Imus.

Tinatayang nasa 850 Imuseño minimum wage earners ang pinagkalooban ng P3,000 halaga ng pinansyal na tulong na mula sa pondo ng tanggapan ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr., kaagapay ang opisina ni House Speaker Martin Romualdez.

## CASH INCENTIVES, IPINAGKALOOB NI MAYOR AA SA MGA KABATAANG KUMATAWAN SA IMUS SA REGIONAL SCHOOLS PRESS CONFERENCE

Personal na iniabot ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula noong Marso 11, 2024, sa New Imus City Government Center ang cash incentives sa mga kabataang kumatawan sa Imus sa ginanap na Regional Schools Press Conference (RSPC) ng Department of Education CALABARZON sa Laguna mula Pebrero 27 hanggang Marso 2, 2024.

Sa pamamagitan ng mga kompetisyon gaya ng RSPC, nalilinang ang talento at kasanayan ng mga kabataan sa pagsusulat at pagbabalita sa iba't ibang kategorya ng campus journalism.

## LIBRENG FULL TANK PARA KAY MANONG TODA

Sa panunulat ni Klaeford Crispin

Landog nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang libreng full tank gas sa mga miyembro ng Tricycle Operators and Drivers' Association (TODA) noong Pebrero 16, 2024, sa Lungsod ng Imus.

Nakasama sa pag-arangkada ang mga TODA driver mula sa iMart, San Roque TODA sa pangunguna ni Ernesto Beltran, at Imus Public Market TODA na pinangungunahan ni Emmanuel Camantigue.

Sa programang ito, lahat ng miyembro ng 37 TODA sa Imus ay binigyan ng gas coupons na maaari nilang ipapalit para makatanggap ng libreng full tank mula sa piling gas stations.

## PAMAMAHAGI NG TULONG SA MGA NASUNUGANG IMUSEÑO

Personal na kinumusta at pinagkalooban ng tulong ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang mga pamilyang biktima ng sunog sa Tokwahan, Brgy. Medicion II-B at Paeso Compound, Brgy. Medicion II-E noong Enero 17, 2024, at Abril 25, 2024.

Kaagapay ang tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula at ang City Social Welfare and Development Office, ang mga pamilyang biktima ay nakatanggap ng food packs, hygiene kits, sleeping kits, at tulong pinansyal.

Namahagi rin ng relief goods ang Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office sa mga biktima ng sunog sa Paeso Compound, Brgy. Medicion II-E, at maging sa mga apektado ng sunog sa Riverside, Brgy. Malagasang II-D at Brgy. Malagasang I-A.

CONG AJ ADVINCULA

napbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced
d Employment (DOLE), at katuwang ang
ng pansamantalang trabaho ang 1,649 na
atanggap ng paunang sahod noong Marso 8,

ation program ng DOLE na nagbibigay ng
employed, at seasonal workers.

## 1,649 TUPAD WORKERS, NATANGGAP NA ANG KANILANG SAHOD

Isang buwan matapos magtrabaho ang 1,649 na benepisyaryo ng Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD), personal na iniabot ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang kanilang sahod sa pamamagitan ng payout noong Abril 12, 2024, sa City of Imus Sports Complex.

## 000 R AA ntenarian

Personal na binati at hinandugan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ng P100,000 at grocery package sina Nanay Conchita Garcia, residente ng Brgy. Pasong Buaya, at si Tatay Rufino Tapawan mula sa Brgy. Malagasang I-G, sa kanilang pagdiriwang ng ika-100 kaarawan.

## TURNOVER CEREMONY NG 15 GK VILLAGE UNIT, DINALUHAN NI MAYOR AA


Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pagtanggap ng paunang 15 pabahay sa ilalim ng Johnny C. Tan Gawad Kalinga (GK) Village Housing Project sa Brgy. Alapan II-B noong Enero 8, 2024, bilang kinatawan ng 15 pamilyang nakatakdang tumanggap ng mga ito. Ang naturang housing project ay may kabuuang 25 pabahay na nakalaan para sa mga Imuseñong lubos na nangangailangan.



# IMUS MULING PUMASA SA 2023 GOOD FINANCIAL HOUSEKEEPING

Kabilang muli ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga nakatanggap ng Seal of Good Financial Housekeeping (SGFH) ng Department of the Interior and Local Government (DILG) para sa taong 2023.

Ang SGFH ay iginagawad sa mga lokal na pamahalaan na mahigpit na tumatalima sa mga pamantayan ng accounting at auditing ng DILG. Isa rin ito sa mahahalagang pamantayan na kinakailangan upang makamit ang mas mataas na pagkilala, ang Seal of Good Local Governance.






# IMUS CITY PUBLIC LIBRARY, MULING GINAWARAN NG 2023 MOST DILIGENT PUBLIC LIBRARY IN THE PHILIPPINES

Sa ikalawang magkasunod na taon, pinarangalan ang Imus City Public Library bilang Most Diligent Public Library in the Philippines para sa taong 2023.

Ang nasabing parangal ay iginawad sa 6th Gawad Pampublikong Aklatan ng National Library of the Philippines (NLP) noong Marso 22, 2024, sa NLP Building, Ermita, Manila.

Personal itong tinanggap nina City Librarian Rosena V. Roman at Special Assistant to the Mayor Jeff Purisima.









# IMUS LGU, ISA SA TOP PERFORMING LGUS SA RCEF – SEED PROGRAM NG PhilRice

Iginawad sa Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ng Office of the City Agriculturist, ang Certificate of Recognition matapos itong kilalanin bilang isa sa mga top-performing local government units sa implementasyon ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) - Seed Program para sa 2023 Wet at 2024 Dry Seasons.

Ang parangal ay iginawad sa ginanap na 2024 RCEF Seed and Extension Programs CALABARZON Partners Recognition and Awarding Ceremony ng Department of Agriculture - Philippine Rice Research Institute sa Los Baños noong Marso 15, 2024.






# IMUS YOUTH AFFAIRS OFFICE, MOST DISTINGUISHED LYDO SA 4TH YOUNG SDG CHAMPION AWARDS

Hinirang na Most Distinguished Local Youth Development Office (LYDO) ang City of Imus Youth Affairs Office (YAO) sa ika-apat na Sustainable Development Goals (SDG) Champion Awards ng Philippine Young Leaders Convergence (PYLC), na ginanap noong Pebrero 18, 2024, sa lalawigan ng Misamis Occidental.

# IMUS, PINARANGALAN NG SEAL OF CHILD-FRIENDLY LOCAL GOVERNANCE

Pormal na tinanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Seal of Child-Friendly Local Governance noong Abril 4, 2024, sa City of Carmona, Cavite.

Isang patunay ito ng patuloy na pagsasagawa ng mga programang nagbibigay-prayoridad sa kapakanan at pag-angat ng kabataang Imuseño.





## KAUNA-UNAHANG REGIONAL BUNTIS SUMMIT NG DOH–CHD CALABARZON, IDINAOS SA IMUS

Inilunsad ng Department of Health (DOH) Center for Health Development (CHD) CALABARZON ang kauna-unahang Regional Buntis Summit noong Mayo 24, 2024, sa Imus Sports Complex bilang bahagi ng pagdiriwang ng "Safe Motherhood Week".

Layunin nitong itaguyod ang ligtas na pagbubuntis ng mga kababaihan sa pamamagitan ng komprehensibong pagsusuri at edukasyon sa kalusugan.

Naging katuwang ng DOH ang Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, Pamahalaang Lungsod ng Imus, ABS-CBN Lingkod Kapamilya, at Safe Motherhood CALABARZON upang maisakatuparan ang summit.

Bukod sa libreng konsultasyon, laboratory screening, at ultrasound, ang Buntis Summit ay nagbigay ng mahahalagang impormasyon sa humigit-kumulang 200 buntis tungkol sa mga hakbang na dapat gawin sa unang tatlong buwan ng pagbubuntis.

Nakatanggap din ang mga buntis ng maternity at newborn kits bilang suporta sa kanilang kalusugan at kapakanan ng kanilang mga sanggol.

Nagbahagi naman ng kanilang kaalaman ang mga doktor mula sa DOH-CHD, Cavite Provincial Health Office, Imus City Health Office, at Ospital ng Imus.

Sa bisa ng Proklamasyon Blg. 200, taong 2002, ang ikalawang linggo ng Mayo bawat taon ay kinikilala bilang "Safe Motherhood Week", na may layuning mapababa ang bilang ng mga nanay at sanggol na nanganganib dahil sa pagbubuntis at panganganak.







Isinagawa ng Imus City Health Office, katuwang ang Imus Reproductive and Wellness Center, ang isang candlelight memorial nitong Mayo 24, 2024, sa City of Imus Sports Complex bilang pag-alaala sa mga pumanaw dahil sa sakit na AIDS. Layunin din ng pagdiriwang na itaas ang kamalayan at iwasto ang maling impormasyon ukol sa HIV at AIDS.

Sa pamamagitan ng mga kandila, bumuo ng human ribbon ang mahigit 200 kataong sumusuporta at apektado ng HIV at AIDS—isang simbolo ng pagkakaisa at pag-asa sa gitna ng patuloy na laban sa sakit na ito.

Ang HIV, o human immunodeficiency virus, ay may mga epektibong lunas at hindi kaagad naipapasa sa iba. Ang impeksyon ay nagiging AIDS o acquired immunodeficiency syndrome lamang kapag hindi ito naagapan. Dahil dito, patuloy na hinihikayat ng pamahalaan ang publiko na sumailalim sa regular na HIV screening upang maagapan ang anumang komplikasyon na dulot ng sakit.

## MALAWAKANG PAGBABAKUNA KONTRA POLIO




Pormal na inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Chikiting Ligtas Immunization Campaign 2024 noong Mayo 3, 2024, sa City Health Office (CHO) 3 - Greengate, sa pangunguna nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ng Imus CHO.

Layunin ng kampanya ang malawakang pagbabakuna ng Bivalent Oral Polio Vaccine (bOPV) sa buong bansa sa pamamagitan ng mas pinadaling pagbabahay-bahay ng mga barangay health workers, upang matulungan at mahikayat ang mga magulang na pabakunahan ang kanilang mga anak laban sa polio.

Bagamat idineklarang polio-free ang Pilipinas noong 2021, mataas pa rin ang banta ng naturang sakit para sa mga bata, batay sa 2022-2023 risk assessment ng World Health Organization.

Ang pagbabakunang ito ay isang mahalagang hakbang upang mapanatili ang kaligtasan ng mga bata laban sa banta ng polio at upang tiyakin ang isang malusog na kinabukasan para sa mga kabataan ng Imus at ng buong bansa.





## Binata na po ako! Operation Tuli

### 1,260 binatilyo, sumailalim sa libreng Operation Tuli 2024

Muling isinagawa ang Operation Tuli na inisyatiba ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula noong Hunyo 10-27, 2024, sa City of Imus Sports Complex. Sa programang ito, 1,260 binatilyong Imuseño ang sumailalim sa libreng pagtutuli sa tulong ng mga katuwang na organisasyon—CALAX, Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, Imus City Health Office, Imus Institute Batch '86, at mga nursing students ng Emilio Aguinaldo College at De La Salle University-Dasmariñas.



## HOW'S YOUR KID?

### MENTAL HEALTH TALK PARA SA MGA MAGULANG, IDINAOS NG IMUS CHO

Humigit-kumulang 500 magulang at guro ang dumalo sa ginanap na Mental Health Talk for Parents of Children & Developing Adolescents ng Imus City Health Office (CHO) noong Marso 1, 2024, sa Cachapero Learning School.

Ang nasabing programa ay naglalayong bigyan ang mga magulang ng sapat na kaalaman at pag-unawa sa kanilang mga anak, lalo na sa mga usaping pangkalusugan ng isip.

Sa pamamagitan ng talakayang ito, inaasahang mas mauunawaan ng mga magulang at guro ang emosyonal at sikolohikal na pangangailangan ng mga kabataan, upang matulungan silang harapin ang mga hamon ng kanilang paglaki nang may suporta at pag-aaruga.

Matagumpay na nagsipagtapos ang 16 na mag-aaral ng Farmers' Field School on Urban Gardening ng City Agriculturist's Office nitong Mayo 29, 2024, a isang seremonya na ginanap sa Wellness Center ng New Imus City Government na binigyang-pugay at pinasalamatan nina Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan at Konsehal Totie Ropeta, tagapangulo ng Komite ng Agrikultura at Kabuhayan at Repormang Pansakahan.

Bilang pasasalamat, tumanggap din ang mga nagtapos ng electric fan mula kay City Mayor Alex "AA" L. Advincula.

Inilunsad ang Farmers' Field School noong Marso 7, 2024, upang maituro ang mga kaalaman at kasanayan sa urban gardening, lalo na sa pagtatanim ng gulay at prutas, para sa mga magsasaka at indibidwal na may interes sa pagtatanim. Ang programang ito ay hakbang ng lungsod upang palakasin ang seguridad sa pagkain at itaguyod ang sustainable gardening sa mga urban na lugar.









# IMUS LGU, MAYNILAD, DENR-EMB,

## MAGTUTULUNGAN PARA SA KALINISAN NG MGA ILOG JULIAN AT IMUS

Upang maprotektahan at mapaganda ang kalidad ng tubig na dumadaloy sa mga Ilog Julian at Imus, binuo ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, Maynilad, at Department of Environment and Natural Resources - Environmental Management Bureau (DENR - EMB) CALABARZON ang programang Bigkis-Tubig sa pamamagitan ng isang memorandum of understanding (MOU) na nilagdaan nitong Enero 29, 2024.

Sa pamamagitan nito, makatitiyak ang malinis at ligtas na tubig para sa mga Imuseño, sa pamamagitan ng paggamit ng mga modular treatment plants ng Maynilad sa Ilog Julian at Ilog Imus.

Sa pagsasanib ng pwersa ng mga ahensya at mga eksperto sa kalikasan, inaasahan ang tuluy-tuloy na pagpapanatili ng mataas na kalidad ng tubig na dumadaloy patungo sa mga kabahayan ng mga residente ng Imus.

# 2 ECO CABS, 50 ECO-CARTS



HANDOG NINA


## MAYOR AA AT CONG. AJ

## SA BARANGAY ECO-AIDES NGAYONG EARTH DAY 2024

Bilang pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng Earth Day 2024, iginawad nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ng mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus ang 50 bagong eco-carts at dalawang bagong eco cabs sa eco-aides ng mga barangay sa Imus nitong Abril 22, 2024.

Kasabay nito ay isinagawa rin ang pagbabasbas sa dalawang eco cabs na magagamit ng mga barangay sa mga malalakihang paglilinis sa lungsod.



## Imus LGU, mga ahensya ng gobyerno, pribadong sektor nagkaisa sa paglilinis ng Imus River sa World Water Day

Nagtulong-tulong ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, mga pribadong sektor, at iba pang ahensya ng gobyerno noong Marso 23, 2024, sa sabayang paglilinis ng bahagi ng Imus River sa Ragatan, Brgy. Anabu I-G bilang pagdiriwang sa World Water Day tuwing Marso 22.

Sa pagtutulungan ng 278 volunteers, nakalikom sila ng 190 kg o 85 sako ng basura. Ayon sa tala, tinatayang 95 kg ng mga basura ay nabubulok, 50 kg ang residual waste, 25 kg ang water hyacinth, at 20 kg ang mga narereSiklong basura.

Ang tema ng World Water Day 2024 ay "Water for Prosperity and Peace," na naglalayong itaas ang kamalayan tungkol sa kahalagahan ng malinis at sapat na tubig sa pagkakaroon ng mas maunlad at mapayapang komunidad.



## KALOG Cleanup Drive isinagawa bago ang tag-ulan

Pinangunahan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Kanal at iLOG (KALOG) Cleanup Drive sa mga barangay ng Saradpon, Brgy. Pag-asa III, at Tokwahan, Medicion II-B noong Mayo 17, 2024, bilang paghahanda sa nalalapit na tag-ulan.

Kinumusta rin ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ng mga konsehal ang nasabing paglilinis na pinangunahan ng river rangers mula sa Imus City Environment and Natural Resources Office (CENRO) at ng Engineering Action Team ng Imus City Engineering Office.

Ang programang ito ay bahagi ng mga inisyatiba ng lokal na pamahalaan para sa pangangalaga sa kalikasan at pagpapabuti ng kaligtasan ng komunidad.

# IMUS LGU NAKIISA SA PAGDIRIWANG NG Kalayaan 2024

Bilang paggunita sa paggunita sa ika-126 na aniberaryo ng Kalayaan ng Pilipinas, iba't ibang akibidad ang isinagawa ng Pamahalaang Lungsod ng imus noong Hunyo 11-12, 2024.



## *Mapitagang seremonya ng pagsusunog sa pambansang watawat*

Isang mapitagang seremonya ng pagsusunog sa pambansang watawat ang isinagawa noong Hunyo 11, isang araw bago ang Araw ng Kalayaan, sa Imus Heritage Park.

Ang seremonyang ito ay nagsisilbing pagbibigay-pugay sa anim na luma at sirang pambansang watawat, alinsunod sa Section 14 ng Republic Act No. 8491 o Flag and Heraldic Code of the Philippines, na nag-uutos ng mapitagang pagsusunog ng mga luma at sirang watawat imbes na itapon lamang.

Ang seremonya ay pinangunahan ng Imus City Tourism and Heritage Office (CTO), katuwang ang Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office (DRRMO) at Philippine National Police (PNP) Imus. Nagtapos ang programa sa paglilibing sa urna ng pambansang watawat bilang tanda ng paggalang at pagpapahalaga sa simbolo ng kalayaan at kasarinlan ng bansa.





## *Sabayang pagtataas ng watawat ng Pilipinas*

Nakiisa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa sabayang pagtataas ng watawat ng Pilipinas sa iba't ibang lugar sa bansa noong umaga ng Hunyo 12, bilang paggunita sa ika-126 na anibersaryo ng Araw ng Kalayaan.

Ang seremonya ay ginanap sa Dambana ng Pambansang Watawat sa Imus Heritage Park, kung saan nagtipon ang mga lokal na opisyal at mga residente upang magbigay-pugay sa simbolo ng kalayaan.



## *Parada ng Kalayaan*

Sa parehong araw, pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang Imuseñong delegasyon sa Parada ng Kalayaan 2024, na ginanap sa Quirino Grandstand.

Ang parada ay pinangasiwaan ng National Historical Commission of the Philippines bilang bahagi ng pambansang selebrasyon ng Araw ng Kalayaan.

Nakasama ng alkalde sina Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Cavite SK Federation President Chelsea Sarno, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, at mga kawani ng Imus City Tourism and Heritage Office (CTHO).

Ang selebrasyong ito ay bahagi ng paggunita sa ika-126 na anibersaryo ng Araw ng Kalayaan, na idineklara noong Hunyo 12, 1898, matapos ang 333 taong pananakop ng España sa Pilipinas.



# PUPUGAYO FESTIVAL
## EXPLORE & LOVE IMUS

Pumagaypay ang mga saranggola sa himpapawid ng imus sa kauna-unahang Pupugayo Festival, na may temang "Explore and Love Imus", na ipinagdiwang ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ng City Tourism and Heritage Office (CTHO) noong Abril 27, 2024, sa Heritage Park.

Ang festival na ito ay naglalayong buhayin ang tradisyong pagpapalipad ng saranggola at ipagdiwang ang turismo, sining, kultura, at malusog na kompetisyon sa lungsod.

Ang mga Imuseñong kalahok ay nagpakitang-gilas sa kanilang mga natatanging talento sa paggawa at pagpapalipad ng mga makukulay na saranggola. Nahati ang kompetisyon sa dalawang kategorya: Pupugayo Flat Kite o Guryon (traditional kite) at 3D Figure Kite o 3D geometric-shaped kite.

Bukod dito, may mga espesyal na papremyo para sa mga natatanging saranggola tulad ng pinakamakulay, pinakamalaki, pinakamahaba,

Sa pamamagitan ng Pupugayo Festival: Explore and Love Imus, nasaksihan ng mga Imuseño ang hiwaga at ganda ng umaangat na Imus, at muli nilang naranasan ang makulay na kultura ng lungsod sa isang maligaya at makulay na selebrasyon.






# IKA-79TH ANIBERSARYO NG LIBERASYON NG IMUS MULA SA MGA HAPONES

Sa pangunguna ng Imus City Tourism and Heritage Office (CTHO), inalala ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang ika-79 na Anibersaryo ng Liberasyon ng Imus mula sa puwersa ng mga Hapones noong Pebrero 4, 2024 sa Imus City Plaza.

Bilang pag-alala, nag-alay ng bulaklak ang CTHO sa panandang pangkasaysayan ng 13 martir ng Imus na nag alay ng kanilang mga buhay noong panahon ng pananakop ng mga Hapones.

Kabilang sa mga martir na ito ay sina Col. Fidel Narciso Cruz, Mayor Elpidio Ilano Osteria Sr., MD, Dr. Andres Virata Dominguez, Dr. Modesto Topacio Mascardo, Dr. Lazaro Ramos Ilano, at Dr. Jose Ramirez Sapinoso, na hindi na natagpuan ang mga labi.

Kabilang din sina Benigno Rementilla Manela, Reynaldo Crisostomo Buenaventura, Jose Ramos Ramirez, Mauricio Topacio Reyes, Alfredo Ramirez Reyes, Modesto Sarao Virata, at Gregorio Ramirez Rodriguez na natagpuan ang mga labi sa Dasmariñas, Cavite at iniuwi sa Imus.

# MAYOR AA, CONG. AJ
## NAKISAYA SA KAPISTAHAN NI
# San Juan Bautista

Nakipista sina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula sa mga residente ng Tanzang Luma na ipinagdiwang ang Kapistahan ni San Juan Bautista noong Hunyo 24, 2024.

Sa kabuuan, 355 katao ang nagpamalas ng kanilang malikhaing talento sa maskara competition at karakol.

Ang Kapistahan ni San Juan Bautista ay ginugunita tuwing Hunyo 24 bilang pagdiriwang sa araw ng kapanganakan ng patron ng bayan, isang tradisyunal na kaganapan na nagpapakita ng kasaysayan, kultura, at debosyon ng mga residente ng Imus.





# IMUS AJAA SLUGGERS,
## KAUNA-UNAHANG KAMPEON SA
# 1ST AJAA INVITATIONAL SOFTBALL TOURNAMENT

Nasapul ng Imus AJAA Sluggers ang kampeonato at ang cash prize na P180,000 sa First AJAA Invitational Softball Tournament sa iskor na 9-1 na ginanap noong Hunyo 9, 2024, sa City of Imus Grandstand and Track Oval. Ang Batang GenTri, na nagtapos bilang first runner-up, ay nakatanggap naman ng P150,000 premyo.

Samantala, sa laban para sa ikatlong puwesto noong Hunyo 2, nasungkit ng UnlaDCavite City ang second runner-up at ang P100,000, matapos talunin ang Dasmariñas Monarch sa iskor na 3-2, na nagwagi ng P75,000.

Bilang pagkilala sa kasipagan at pagsusumikap ng iba pang koponan, ginawaran ng P50,000 ang mga koponan ng Bacoor Strikers, Batang Alfonso, Tanza Mariners, Trece Martires, at Unlad Noveleta

Pinarangalan din ang mga kahanga-hangang manlalaro tulad ni Bacarisas ng Imus AJAA Sluggers na hinirang bilang Season Most Valuable Player (MVP), Best Hitter, Best Slugger, Most Home Runs, at Most Runs Batted In

Kabilang din sa mga ginawaran ay sina Liguayan ng Imus AJAA Sluggers bilang Finals MVP, Ventura ng Batang GenTri bilang Best Stolen Bases, at Roxas ng Imus AJAA Sluggers bilang Best Pitcher.

Ipinahayag ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang kanyang pasasalamat at paghanga sa bawat lungsod at munisipalidad na nakilahok sa paligsahan.

"Nais ko pong magpasalamat sa [mga] bayang nakisama at nakiisa sa ligang ito... Nakita namin ang inyong sportsmanship na napakagaling... Nakikita po natin na puwede tayong lumaban sa buong mundo. Dito po tayo makakasabay, hindi po kailangan ng height, ang kailangan lang po ay sigla, liksi, at sipag upang maging tanyag [tayo] sa mundo," pahayag ni Mayor AA.

# AKSYON ATLETA PROGRAM:
## SAPATOS AT CASH ALLOWANCE SA MGA KABATAANG ATLETA

Napuno ng mga ngiti ang Function Hall ng New Imus City Government Center noong Hunyo 20, 2024, sa paglulunsad ng Aksyon Atleta Program ng Pamahalaang Lungsod ng Imus. Higit sa 100 kabataang atleta mula sa iba't ibang sports tulad ng football, softball, baseball, athletics, at chess ang nakatanggap ng bagong sapatos at monthly cash allowance bilang suporta sa kanilang pagsusumikap sa sports.

Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pamamahagi ng mga insentibo, na naglalayong mapalakas ang potensyal ng mga kabataang Imuseño sa larangan ng sports at itaguyod ang kanilang pag-unlad bilang mga atleta.






Tagumpay ang Malagasang na depensahan ang kanilang kampeonato sa 2024 Inter-barangay 2nd AJAA Cup Softball Tournament, matapos talunin ang Tanzang Luma sa finals sa iskor na 6-1, na ginanap noong Abril 14, 2024 sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Ang laban ay personal na nasaksihan nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ng mga konsehal ng Imus.

Habang ang Malagasang ay nagtagumpay, natunghayan din ng mga lingkod bayan ang laban ng Bucandala at Anabu 1st para sa ikalawang pwesto, kung saan nanalo ang Bucandala sa score na 5-3.

Sa mga individual awards, pinarangalan si Kevin Campaña bilang Season Most Valuable Player (MVP), Best Slugger, Most Run Batted In, at Most Home Run. Ang Finals MVP ay si L.A. Deocadis, isang dating konsehal. Kabilang din sa mga ginawaran ng parangal ay sina Arnel Arrieta bilang Best Hitter at Most Stolen Bases, at Richie Topacio bilang Best Pitcher.

Bukod sa mga plake, ang mga koponan ng Malagasang, Tanzang Luma, Bucandala, at Anabu 1st ay nakatanggap ng cash prizes na P150,000, P100,000, P75,000, at P50,000 ayon sa pagkakasunod-sunod. Bukod pa rito, ang bawat koponan ay nakatanggap ng P20,000 bilang karagdagang gantimpala.



# Empleya-GO! HATID NG IMUS LGU
## Productive Employment and Decent Work for Youth

Kinumusta ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang mga kabataan sa idinaos na "Empleya-GO! Productive Employment and Decent Work for Youth" seminar na ginanap sa Function Hall ng New Imus City Government Center bilang pakikiisa sa Araw ng mga Manggagawa.

Ang seminar ay isinagawa sa pakikipagtulungan ng City of Imus - Youth Affairs Office (YAO), Imus Public Employment Service Office, at Local Council for the Protection of Children. Layunin ng nasabing programa na mabigyan ng kaalaman ang mga kabataan tungkol sa kasalukuyang estado ng pagtatrabaho sa bansa, pati na rin ang mga isyung may kaugnayan sa mababang sahod at diskriminasyon sa trabaho.



AANGAT ANG IMUS

CITY OF IMUS

**CITY GOVERNMENT OF IMUS**
New City of Imus Government Center, Jose Topacio Nueno Avenue,
Malagasang I-G, City of Imus, Cavite Philippines 4103
**MAIN OPERATOR AND ASSITANCE: (046) 888-9910 · (046) 888-9912**
**EMERGENCY HOTLINE: (046) 888-9911**